Kyo.Prot.N.23/2021

ANG IPINAKO SA KRUS NA SI HESUS NA NAZARENO AY NABUHAY. ALELUYA!

Ang Mensahe patungkol sa Pasko ng Pagkabuhay 2021 mula kay Bishop Paul

Mga kapatid sa Diyosesis ng Kyoto,

Sa umaga ng pagkabuhay ng Diyos, ang iyak ng kagalakan ay umalingawngaw sa mundo mula sa puntod ni Hesus. Binabati ko kayong lahat ng maligayang Pagkabuhay. Ipinapaabot ko din ang pagbati sa mga bagong binyagang mananampalataya sa panahon ng Pagkabuhay. Maligayang bati sa inyong bagong pamilya, ang Diyosesis ng Kyoto.

Ang Semana Santa noong nakaraang taon ay nataon sa panimula ng pandemic, kaya naman hindi maipagdiwang ng Simbahan ang mga banal na liturhiya. Ang sitwasyon ay seryoso na kahit ang pagbati sa Pasko ng Pagkabuhay ay hindi natin naialay sa isa't-isa. Sa nakalipas na taon ay nakita natin ang makailang-ulit na pagdideklara ng state of emergency, hanggang sa maipagdiwang natin ang Misa at ilang mga aktibidad sa limitadong paraan na kaya nating gawin. Naging mapagpasyensiyoso kayo sa pagsunod sa mga patakaran ng Simbahan at bukas-palad na nakipagtulungan. Maraming salamat.

Kaya naman ngayong Pasko ng Pagkabuhay gusto kong makiisa sa inyo sa pagpapahayag ng ating pasasalamat at papuri sa ating Diyos Ama, ang nagbibigay ng buhay, at si Kristo ang nabuhay na Diyos ng Pagkabuhay, na patuloy na malapit sa mga yaong nagdurusa, nagbibigay ng kaginhawan at kagalingan.

Ang Papa Francisco ay idineklara ang taon ni San Jose, tumatawag sa mundo at sa Simbahan na palalimin ang pagmamahal kay San Jose, ang patron ng Simbahan, na magdasal para sa kaniyang pamamagitan, at sumunod sa kaniyang kabanalan. Tayo ay manalangin sa pamamagitan ni San Jose para sa mga taong na sa gitna ng pandemic na ito ay tinularan siya sa pamamagitan ng pagpupursige bawat araw para sa kani-kanilang pamilya at trabaho, at lalu't higit sa lahat sa mga taong ang trabaho ay hindi kapansin-pansin pero mahalaga.

Sa kasamaang palad, ang katapusan ng coronavirus disaster ay hindi pa matanaw, sa katunayan, ang impeksiyon ay tila bagang kumakalat. Mga kapatid, pansamantala ay huwag nating itigil ang pagsisikap para mapigilan ang pagkalat ng impeksiyon at ituring natin ang mga sakripisyong kaya nating gawin bilang pag-aalay ng pagmamahal sa ating kapwa. Kahit na muling mahinto ang ating Misa, tayo ay manalangin para sa pasyensiya, pag-asa, kalusugan at kaligtasan kay Hesu-Kristo, ang Diyos ng Pagkabuhay, Siya ay nasa atin, na kayang"protektahanang lahat ng buhay."

Aleluya, Aleluya!

Vigilia ng Pagkabuhay Abril 3, 2021

✙ Paul Yoshinao Otsuka Katolikong Obispo ng Kyoto